ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 19
Oktubre 7, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Mga tungkulin paglipas ng 100 araw sa ilalim ni Duterte

Matapos ang 100 araw sa ilalim ng rehimeng Duterte, umiiral ngayon ang kalagayan upang isulong ang pagbubuo ng patriyotikong alyansa sa pagitan ng kanyang rehimeng anti-US at ng mga rebolusyonaryo at makabayang pwersa.

Tungo rito, dapat tuluy-tuloy na magpunyagi ang dalawang panig sa usapang pangkapayapaan para buuin ang komun na programa. Kasabay nito, dapat isulong ang mga pakikibakang masa upang hikayatin si Duterte na tugunan ang demokratikong interes ng bayan.

Ikinalulugod ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pinaigting na pagdidiskurso ni Presidente Duterte ng GRP laban sa pakikialam at presensyang militar ng US sa Pilipinas. Sa nagdaang mga linggo, halos araw-araw niya itong binabatikos sa kanyang mga talumpati. Idineklara niya ang pakay na magtatag ng alyansa sa ekonomya at kalakalan sa China at Russia.

Malinaw na ipinababatid ni Duterte ang kanyang paninindigang anti-US, isang radikal na pihit mula sa pitumpung taon ng mga rehimeng sunud-sunuran sa US. Sa salita, determinado siyang itaguyod ang nagsasariling patakarang panlabas. Ang madalas niyang palaban na pananalita ay nakatutulong sa pagpapaalab ng patriyotismong Pilipino.

Ang kanyang mga birang anti-US ay nagpapalalim sa hidwaan ng naghaharing mga uri. Inilatag niya ang linyang maghihiwalay sa naghaharing uri sa dalawang kampo. Pinasok niya ang peligrosong labanang pampulitika gayong alam niyang nananatiling dominante ang impluwensya at kumand ng mga imperyalistang Amerikano sa naghaharing uri at mga upisyal ng militar at pulis.

Nangangamba ang US na sa malao'y magiging kongkretong patakaran ang mga deklarasyong anti-US ni Duterte. Bago pa ang ika-100 araw ni Duterte sa pwesto, hindi na halos itinatago ang mga pagbabanta ng US laban sa kanya. Sinesegunduhan ito ng mga pulitikong anti-Duterte. Pati na mga pulitikong tapat sa US sa loob ng kanyang gubyerno ay pilit na pinaaatras ang kanyang bwelo.

Mulat ang mga rebolusyonaryong pwersa na ang rehimeng Duterte ang kasalukuyang pinunong kinatawan ng mga reaksyunaryong naghaharing uri sa Pilipinas. Nailuklok ito pangunahin sa lakas at suporta ng uring malalaking burges-kumprador at panginoong maylupa at tapat pangunahin sa kanila.

Umiral ang anti-US na rehimeng Duterte sa ilalim ng sumusunod na sirkunstansya: ang malalang krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal; ang pagkawala ng kredibilidad sa buong mundo ng mga patakarang neoliberal ng US-EU at IMF-WB; ang estratehikong paghina ng imperyalismong US; at ang pagsibol ng China bilang umuusbong na imperyalistang kapangyarihan na humahanay sa Russia laban sa US.

Dahil sa pagtataguyod ni Duterte ng nagsasariling patakarang panlabas, nahihikayat ang PKP at ang mga pwersang pambansa demokratiko na makipagtulungan sa kanyang rehimen sa loob ng isang alyansang patriyotiko upang itaguyod ang pambansang kasarinlan at labanan ang dominasyon ng imperyalismong US sa bansa.



Sa alyansang ito, maaaring magtuwang ang rehimeng Duterte at mga rebolusyonaryong pwersa para labanan ang paghaharing neokolonyal ng US, ilantad at labanan ang mga ahente nito sa pulitika, militar at kultura, itakwil ang mga idinidikta nitong patakaran sa ekonomya at ipagtanggol ang Pilipinas laban sa lahat ng uri ng panghihimasok.

Sa partikular, maaaring magkaisa sa mga hakbangin para itulak ang pagbabasura sa EDCA, VFA at iba pang mga tagibang na kasunduang militar sa US.

Dapat paigtingin ng mga patriyotikong pwersa ang propaganda at edukasyong anti-imperyalista upang pukawin at pakilusin ang milyunmilyong mamamayang Pilipino, laluna ang kabataan. Dapat itaas ang kamulatang anti-imperyalista ng bayan sa pagpapakita kung papaano itinali ng US ang Pilipinas sa malakolonyal at malapyudal na kalagayang palagiang atrasado, lugmok sa krisis at palaasa sa dayuhang kapital at kalakal. Dapat ipakitang sinakop nila ang Pilipinas upang dambungin ang murang hilaw na materyales at lakas paggawa nito at gawin itong base militar alinsunod sa layuning ipataw ang hegemonya nito sa Asia-Pacific.

Sinimulang hamunin ng rehimeng Duterte ang impluwensya at kumand ng US sa AFP sa paghahabol na tapusin ang pagsalalay sa pagsasanay at pagbili ng mga sandata ng US. Dapat niyang ihantad ang mga upisyal at tauhan nito sa patriyotikong reedukasyon. Maaari siyang magsimula ng anti-imperyalistang akademyang militar at itulak ang reoryentasyon ng AFP mula sa dogmang kontra-insurhensya ng US tungong pagdedepensa ng bansa.

Habang nakikipagkaisa sa pagtataguyod ng nagsasariling patakarang panlabas, dapat independyenteng isulong ng mamamayang Pilipino ang kanilang mga pakikibaka upang lutasin ang matagal nang mga problemang panlipunan. Dapat nilang labanan ang anti-mamamayan at anti-demokratikong mga hakbangin mula sa nagdaang mga rehimen at ipinatutupad hanggang sa kasalukuyan.

Lalong mapalalakas ang patriyotikong alyansa kung pakikinggan at mas mapagpasyang tutugunan ni Duterte ang demokratikong mga kahilingan ng mamamayan.

Dapat itulak ng bayan ang pagbabaligtad sa mga neoliberal na patakarang dikta ng US na nagdulot ng malawak na kahirapan at pagdurusa. Dapat hikayatin nila ang rehimeng Duterte na palawakin ang mga serbisyong panlipunan para sa libre o abot-kayang serbisyong pangkalusugan, pangmasang pabahay, edukasyon, telekomunikasyon at pangmasang transportasyon. Dapat isagawa ang kagyat na hakbangin upang ibaba ang presyo ng pagkain, gamot, panggatong at iba pang saligang bilihin.

Dapat hikayatin ang rehimeng Duterte na harapin agad ang mabibigat na kahingian ng malawak na masang magsasaka at manggagawa para sa tunay na reporma sa lupa at para sa trabaho, dagdag sahod, pambansang minimum na sahod at pagwawakas sa kontraktwalisasyon at iba pang anyo ng pleksibleng paggawa. Dapat tugunan ni Duterte ang hinihingi ng mga kabataan at estudyante, maralitang lungsod, kawani ng pamahalaan, minoryang mamamayan, maliliit na propesyunal, manggagawang medikal at iba pang demokratikong sektor. Dapat kumbinsihin si Duterte na ito ang pangunahing paraan para malutas ang malawakang problema ng iligal na droga .

Dapat ding ipaglaban ng mamamayang Pilipino ang paggalang sa karapatang-tao. Dapat nilang hikayatin ang rehimeng Duterte na ganap na alisin ang mga pwersang paramilitar at militar mula sa mga komunidad na sinasabi nilang sumusuporta sa Bagong Hukbong Bayan. Dapat ring itulak ito na palayain ang nasa 520 bilanggong pulitikal.

Sa pamamagitan ng isinasagawang negosasyong pangkapayapaan, maaaring buuin ng rehimeng Duterte at NDFP ang mga kasunduan na magsisilbing komun na


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 19 | Oktubre 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Mga tungkulin paglipas ng 100 araw ng rehimeng Duterte 1
Repormang sosyo-ekonomiko 3
Mga paglabag ng AFP 4
Industriya ng asero 5
Adyenda ng mamamayan 6
Umento sa sahod ng mga guro 7
Suspensyon ng mga minahan 7
Lider-magsasaka, pinatay sa Palawan 8
Protesta sa anibersaryo ng Batas Militar 8
US-Phils pagsasanay-militar, ipinatitigil 8
Interes ng US sa Pilipinas 9
Pag-aalsang Balangiga 10
Kasunduan sa kapayapaan sa Colombia 11



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

programa ng patriyotikong alyansa.

Dapat harapin ng rehimeng Duterte ang pangunahing isyu ng tunay na reporma sa lupa. Itinutulak ito ng NDFP para kamtin ang katarungang panlipunan at bilang hakbanging pang-ekonomya upang palayain ang mga produktibong pwersa sa kanayunan.

Maaaring tugunin ng rehimeng Duterte ang kahilingan ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagpapailalim ng malalaking lupain (lupaing publiko, tiwangwang na lupa, mga asyenda ng mga parasitikong asendero) sa distribusyon. Maaari nitong inyu-tralisa ang pagtutol ng mga panginoong maylupa sa paghikayat sa kanilang lumahok sa industriyalisasyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pondo bilang insentibo para sa produktibong pamumuhunan.

Itinutulak din ng NDFP ang programa sa pambansang industriyalisasyon. Maaaring ibalangkas rito ang naunang inianunsyong plano ni Duterte na paunlarin ang lokal na industriya ng asero. Ang komprehensibong plano sa industriyalisasyon ang magtitiyak sa paglikha ng trabaho at pagluluwal ng mga kinakailangang kalakal at mga kasangkapan para sa konsumo at para sa produksyon.

Ang idineklarang plano ni Duterte na paunlarin ang ugnayang pang-ekonomya at pangkomersyo sa China at Russia ay dapat ibalangkas sa pagpupunyaging paunlarin ang mga lokal na produktibong pwersa at bigyang-kakayahan ang lokal na ekonomya na tumayo sa sarili nitong paa.

Upang itaguyod ang usapang pangkapayapaan, mahigpit na tumatalima ang mga yunit ng BHB sa tigil-putukan mula nang ideklara ito 40 araw na ang nakaraan. Maaaring palawigin ang tigil-putukan hangga't sumusulong ang usapang pangkapayapaan. Subalit dapat pasunurin ng presidente ng GRP ang AFP at utusan itong wakasan o bawasan ang mga Oplan Bayanihan na operasyong kontra-insurhensya at kung hindi ay pinalalaki nito ang posibilidad ng mga armadong sagupaan.

Habang nasa usapang pangkapayapaan, tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa na patuloy na isulong ang digmang bayan sa pamamagitan ng pagrerekrut, pag-aarmas at pagsasanay, at pagpapakilos sa BHB upang tuparin ang mga batas at patakaran ng demokratikong gubyerno na nagtatanggol sa mga karapatan at kagalingan ng mamamayan. Dapat puspusang isulong ang mga pakikibakang anti-pyudal, patuloy na itayo at palawakin ang mga organisasyong masa at itatag ang gubyernong bayan sa kanayunan.

Dapat patuloy na magpalawak at magpatatag ang Partido, isagawa ang puspusang gawaing pang-ideolohiya sa paggagap ng sitwasyon at paglalatag ng mga taktikal na tungkulin na palagiang may estratehikong pananaw sa pangkalahatang kalagayan.

Dapat patuloy na palalimin at palawakin ng Partido, BHB at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang pag-ugat nito sa masa. Dapat nilang pukawin ang milyun-milyong mamamayan na maglunsad ng mga pakikibakang anti-imperyalista, antipyudal at demokratiko at lumahok ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan. AB

Pangalawang adyenda sa negosasyong NDFP-GRP

# Nasa ubod ng usapan: Repormang sosyo-ekonomiko



Ang negosasyon sa mga sosyo-ekonomikong reporma ang pinakalaman ng usapang pangkapayapaan. Ito ang pahayag ni Alan Jazmines, pangalawang tagapangulo ng Reciprocal Working Committee for Socio-economic Reforms (RWC-SER), nitong Oktubre 5, isang araw bago magsimula ang pangalawang serye ng usapang pangkapayapaan na magtatagal hanggang Oktubre 10 sa Oslo, Norway.

Nito namang Oktubre 6, ipinahayag ni Jose Maria Sison, *senior* konsultant ng panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), na hindi pa napapanahon na pag-usapan sa pangalawang serye ang pagbababa ng armas ng rebolusyonaryong kilusan. Aniya, kailangan pag-usapan muna ang laman ng negosasyon, laluna ang CASER (Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms), para makita kung ano ang mga benepisyo rito ng sambayanang Pilipino.

Matapos ang dalawang dekada, at dalawang mayor na pandaigdigang krisis sa ekonomya, kailangang pag-usapan ng magkabilang panig ang mga hakbang para maprotektahan ang bansa laban sa kasunod na krisis, ani Jazmines.

Noon pang 1998 nakahanda ang borador ng NDFP para sa adyendang ito. Ang kasalukuyang borador ay pinaunlad na ng rebolusyonaryong kilusan para salaminin ang papatinding krisis sa ekonomya na idinulot ng mga patakarang neoliberal. "Gayunpaman, nananatiling sentro ng panukalang kasunduan ng NDFP ang pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa dahil ang kambal na estratehiyang ito ang napatunayan nang nakatatagal sa mga krisis na dulot ng globalisasyon," dagdag ni Jazmines.

"Habang inaasahan namin na magiging buhay at puno ng kontradiksyon ang negosasyon para sa CASER, umaasa din kaming may sapat na determinasyon ang magkabilang panig para igpawan

*sundan sa pahina 4*

mula pahina 3

ang mga pagkakaiba para mabigyan ng solusyon ang mga nasa ugat ng armadong tunggalian," ayon pa kay Randall Echanis, myembro ng RWC-SER.

Kaugnay nito, muling inilinaw ng NDFP na hindi pa pag-usapan sa kasalukuyang serye ang pagbababa ng armas ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). May pagkakasunud-sunod ang mga adyenda sa negosasyon, kung saan nauuna ang usapan para sa mga karapatan at kagalingan ng mamamayan. Huling adyenda ng usapan ang disposisyon ng mga armadong pwersa.

"Kapag patuloy ang pagsasamantala at pang-aapi, bakit susuko ang rebolusyonaryong gubyerno?" tanong ni Sison.

Muli ring pinaalalahanan ng NDFP ang GRP sa obligasyon nitong palayain ang mga bilanggong pulitikal sa bansa. Reaksyon ito sa pahayag ni Silvestre Bello, pinuno ng panel ng GRP, na igagawad ang amnestiya sa katapusan pa ng negosasyon.

Ani Ka Luis Jalandoni, ang pagbibigay ng amnestiya para sa mahigit 500 bilanggong nasa listahan ng NDFP ay napagkaisahan sa unang serye ng usapan noong Agosto. Pagtalima ito sa nauna nang mga kasunduan—sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law at Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees. Napagkasunduan noon ng dalawang panig na isusumite kay GRP Pres. Duterte ang nakahanda nang borador para rito.


Samantala, nito ding Oktubre 6, inianunsyo ng pambansang pamunuan ng NDFP ang pagbibitiw ni Ka Luis Jalandoni bilang pinuno ng panel at pagsisilbi niya bilang *senior adviser* sa usapan. Papalit sa kanya si Fidel Agcaoili bilang pinuno. Hinirang naman si Benito Tiamzon bilang bagong myembro ng panel. AB

# Mga paglabag ng AFP-PNP sa CARHRIHL at sariling tigil-putukan

SA KABILA NG umiiral na tigil-putukan, tuluy-tuloy na nagsasagawa ng mga operasyong kombat at paniktik ang mga tropa ng Armed Forces of the Philippines sa iba't ibang dako ng bansa. Labag ang mga ito sa kasunduan sa paggalang sa mga karapatang-tao laluna ng mamamayang nasa mga larangan ng digma at sa kanilang sariling tigil-putukan. Isinasapanganib nito ang tigil-putukan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ang usapang pangkapayapaan.

Nitong Oktubre 5, iniulat ng BHB-Abra (Agustin Begnalen Command) na nagpatrulya ang 24th IB sa Sallapadan habang nagsasagawa ang mga Pulang mandirigma ng konsultasyon sa mamamayan. Nang sitahin ng taumbaryo ang kanilang presensya, pinalabas nilang tapos na ang kanilang tigil-putukan. Sinabi pa ng pinuno ng 24th IB na si Lt. Col. Thomas Baluga na mananatili sila sa Barangay Bazar "hanggang kinakailangan."

Tinuligsa rin ng BHB-Abra ang pagdadahilan ng 24th IB na pagpapatupad ng mga operasyong "peace and development" upang bigyang-matwid ang kanilang pagpasok at pagbase sa mga komunidad. Ang mga ito'y paglabag sa CARHRIHL, ayon sa BHB-Abra. Namilit ang mga sundalo na sumama sa mga sakahan ng mga magsasaka sa tangkang takutin sila. Pinagbintangan din silang mga tagasuporta ng BHB. Liban dito, nilapastangan din ng mga sundalo ang mga regulasyon ng sa walang-pahintulot na pagpasok sa kanilang mga komunidad.



Sa Mindoro, iniulat ng Lucio de Guzman Command ang operasyong kombat na isinagawa ng 4th IB, mga CAFGU at Navy SWAG noong Agosto 19-24 sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Nagsagawa rin ng operasyong kombat ang 76th IB noong Agosto 29 sa Paluan, Abra de Ilog at Mamburao sa Occidental Mindoro. Bago nito, sapilitang nagrekrut ang AFP para sa CAFGU mula sa mga komunidad. Halos isang buwan silang nagkampo sa Apyas, Abra de Ilog.

Liban sa mga ito, mula Agosto 24 hanggang Setyembre 11, magkakasunod na naglunsad ng mga operasyon ang 4th IB sa pamumuno ng 203rd IBde sa tabing ng mga "civil-military operations."

Sa Barangay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro, nagsagawa ng *clearing operations* ang 4th IB para sa kanilang "medical mission" noong Agosto 26. Panabing ang aktibidad na ito para sa pagtatayo ng kampo sa naturang lugar.


Sa Barangay Sibalat, Magsaysay, bumase nang mahigit isang linggo sa *daycare center* ang 4th IB. Dito nila ipinatawag ang kalalakihan ng baryo para sa "pulong-pulong."

Samantala, sa Mountain Province, naglunsad ng mga kontra-insurhensyang operasyon ang PNP Public Safety Company sa iba't ibang barangay. Gamit ang "barangay and school visitation," naglunsad ng operasyon ang PNP sa mga barangay sa Bontoc at Bauko nitong Oktubre 3 at 5. Noong Setyembre 23, naglunsad ng diumano'y seminar na kontra-droga ang ang mga pulis sa Mountain Province General Comprehensive High School para siraan ang BHB.

Sa tabing naman ng aktibidad na pagtatanim ng puno, pinasok ng PNP ang *tri-boundary* ng Mountain Province, Ifugao at Benguet nitong Oktubre 2. AB

# Industriya ng asero: Rekisito sa pambansang industriyalisasyon

Simula Oktubre 6-10, pag-uusapan sa negosasyon sa pagitan ng NDFP at GRP ang kasunduan para sa repormang sosyo-ekonomiko. Kabilang sa mga isasalang ang paglalatag ng mga industriya at imprastruktura para sa pambansang industriyalisasyon. Isa sa mga rekisito nito ang pagbubuo ng sariling industriya sa asero na nakatuon sa mga pangangailangan ng lokal na mga industriya at magsisilbing gulugod ng nagsasarili at maunlad na ekonomya.



Pangunahing materyal ang asero para sa mga paglalatag ng imprastruktura, pagpapatakbo ng tubig at kuryente, pagbubuo ng industriyal at agrikultural na makinarya, malalakas na kagamitan (*power tools)* at mga kasangkapang-bahay. Bahagi ang asero ng halos lahat ng mga produkto at serbisyo—mula sa transportasyon, komunikasyon tungo sa paghahatid ng mga serbisyong sosyal.

May sapat na yamang mineral ang bansa para maitayo ang sariling industriya ng asero. Sa aktwal, isa sa pinakamalaking depositong mineral ng Pilipinas ang bakal. Sa tantya ng estado, nasa 500 milyon hanggang isang bilyong tonelada ang iba't ibang klaseng batumbakal *(iron ore*) na maaaring minahin sa bansa. Mayroon din itong sapat na mapagkukunan ng tanso, nikel at iba pang mineral para sa pagpoproseso ng asero. Sa kabila nito, walang nagmimina ng bakal sa bansa, dayuhan man o lokal. Noong Agosto, ipinasara ang kaisa-isang minahan ng batumbakal na nasa Bulacan dulot ng di pagsunod nito sa mga pamantayang pangkalikasan. Nililikha nito ang 0.5% ng tinatayang lokal na pangangailangan para sa bakal.

Gayundin, wala o di signipikante ang industriya ng asero sa bansa. Halos nasa panimulang yugto pa lamang ang lokal na pagpoproseso noong dekada 1950-60 nang bitiwan ito ng estado para paburan ang mga dayuhang kumpanya at itulak ang importasyon. Alinsunod sa dogma ng neoliberal na malayang kalakalan ng dekada 1980, walang ipinatupad na anumang hakbang para pigilan ang pagtambak ng sobrang asero mula sa ibang bansa.

Dahil dito, nangagsara ang malalaking pabrikang nagpoproseso ng hilaw na bakal. Nabangkarote ang marami sa malalaking kumpanya, tulad ng National Steel, Marcelo Steel, Iligan Steel at Jacinto Steel. Nagkaroon ng panibagong bwelo sa industriya sa dekada 1990 sa tulak ng dayuhang mga kumpanya pero kahit ang mga ito ay nabangkarote. Sa halip, umusbong ang maliliit na pabrika na nagtutunaw na lamang ng *scrap metal* (bakal mula sa mga sasakyan at iba pa) sa pamamagitan ng de-kuryenteng hurno *(electric arch furnace).* Ang mga pabrikang ito ay nakalilikha ng limitadong klase ng mga produktong asero.

Sa ngayon, nakasentro sa halos 50 kumpanya ang pagpoproseso ng bakal tungo sa tinaguriang mga "long product" tulad ng kawad at kabilya. Lahat ng tinatawag na mga "flat product" tulad ng yero at plantsa ay inaangkat, kalakhan mula sa China. Sa ngayon, lahat ng ginagamit na krudong asero ay mula sa ibang bansa. Nasa 80% ng lahat ng produktong bakal ay ginagamit sa konstruksyon.

Dulot ng liberalisasyon, umarangkada hindi lamang ang importasyon, kundi pati ang ismagling ng mura pero mahihinang klase ng asero. Sadyang pinapatay ng malalaking burgesya ang lokal na industriya ng asero sa pamamagitan ng pag-angkat ng mga produktong may lokal na produksyon. Isang matingkad na halimbawa nito ang pagmamaniobra ng mga negosyante sa Philippine Chamber of Commerce and Industries nitong 2016 para ipuslit ang 5,000 toneladang murang asero mula sa China. Ito ay sa kabila ng mga pagsisikap ng mga lokal na negosyante at bangko na itayo ang isang malaki at modernong planta na lilikha ng sapat na produkto. Tinatayang umabot sa 250,000 toneladang asero mula sa China ang iligal na ipinasok sa bansa noong 2014.

Sa gayon, malaking hamon sa kasalukuyang rehimen ang muling pagpupundar ng industriya ng asero. Lumalaki at inaasahang lalaki pa ang pangangailangan para rito, laluna kung itutulak ng rehimeng Duterte ang plano nitong paglalatag ng mga daan, riles, daungan at iba pang imprastruktura. Para mapangalagaan ang mga lokal na mga negosyo ng asero, kailangang mabigyan ang mga ito ng sapat na puhunan at angkop na mga insentibo at maproteksyunan laban sa di-pantay na dayuhang kumpetisyon. Kailangang baklasin ang mga patakarang nagbibigay ng mga insentibang sobrang nagpapahalaga sa dayuhang kapital at isabatas ang mga hakbang para pigilan ang pagtatambak ng sobrang asero sa bansa, kapwa sa ligal at iligal na pamamaraan.

Hindi lamang magsisilbing gulugod ng pambansang industriyalisasyon ang industriya ng asero. Makakapagpasigla rin ito sa malawak na sektor ng pagmamanupaktura at makalilikha ng mga bago at mataas na klaseng empleyo. AB

# Adyenda ng mamamayan sa ilalim ni Duterte

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, tuluy-tuloy ang pakikipaglaban ng mga magbubukid para sa tunay na reporma sa lupa at kaunlaran sa agrikultura, gayundin ng mga manggagawa at kawani para sa disenteng sahod at laban sa kontraktwalisasyon.

**Laban para sa lupa**

Nitong Oktubre 1, ipinahayag ni Rafael Mariano (Ka Paeng), kalihim ng Department of Agrarian Reform (DAR), na ipawawalambisa na ang iskemang tambyolo na ipinatupad sa Hacienda Luisita sa ilalim ng rehimeng US-Aquino. Ginamit ang iskemang ito para ipagkait ang lupang dapat nang ipinamahagi sa tunay na mga benepisyaryo nito. Ani Ka Paeng, sisimulan sa Luisita ang pagpapatupad ng reporma sa lupa na tunay na pakikinabangan ng mga magbubukid.

Binalaan din ni Ka Paeng ang mga kasapakat ng pamilyang Cojuangco-Aquino sa iskemang aryendo o ang pag-upa ng mga parsela ng lupang naipamahagi na sa pamamagitan ng panloloko at pagbabanta. Ginagamit ng mga Cojuangco-Aquino ang iskemang aryendo para muling ikonsentra sa kanila ang lupa sa asyenda at ibalik sa katayuang tenante ang mga magbubukid. Kasabay nito, magkakaroon din ng panibagong tulak para ipalawambisa ang iskemang *stock distribution option* (SDO) sa lahat ng mga asyenda sa bansa.

Samantala, mahigpit na binatikos ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang mga maniobra ng National Economic Development Authority (NEDA) para ibasura ang panukalang pagpapatigil ng *land-use conversion* (LUC) o pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural sa loob ng dalawang taon. Kinundena ng KMP ang paggamit ng NEDA sa kakulangan ng pabahay para sa maralitang lunsod bilang katwiran para ipagpatuloy ang LUC. Anang KMP, ang nasa likod ng pagkontra ng NEDA ay ang malalaking panginoong maylupa at mga dayuhang kapitalista na sangkot sa pagtatayo ng mga subdibisyon, mga "sonang pang-ekonomya," mga pasilidad pang-ekoturismo at iba pang komersyal na interes. Kabilang sa mga rerepasuhin ng DAR ang ibinigay na permiso para sa pagtatayo ng Clark Green City sa Pampanga at MRT-7 sa Bulacan na magpapalayas sa daan-daang magbubukid.

**Laban sa kontraktwalisasyon**

Matumal at mabagal ang naging tugon ng rehimen sa mga usaping kinakaharap ng mga manggagawa. Nananatiling laganap ang kontraktwalisasyon. Pinalalabas ng Department of Labor and Employment (DOLE) na may 10,000 kontraktwal ang naging regular, karamihan diumano sa SM at 7-11. Mahigit lang itong 1% ng bilang ng kontraktwal (416,000 ayon sa DOLE). Hindi rin sapat ang ginawang pagsuspinde sa anim na ahensya sa paggawa. Hindi nito nireresolba ang lansakang kontraktwalisasyon at sa aktwal ay pinalakas pa ang dati nang malalaking ahensya.

Sa pagpupulong kaharap ang kalihim ng DOLE na si Silvestre Bello noong Oktubre 3, binatikos ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang "solusyong win-win" na inihapag ng Employers Confederation of the Philippines at ng Department of Trade and Industry. Anang KMU, walang pagkakaiba ang "solusyon" na ito sa dati nang kalakaran ng pangongontrata ng mga kapitalista, liban sa pagtawag sa *labor agency* bilang mga "service provider." Ipinagtanggol ng DTI ang kontraktwalisasyon sa pagdadahilang "lehitimo" ang pagkuha ng mga pana-panahong manggagawa at kung ititigil ito ay marami ang mawawalan ng empleyo.

Binatikos ng KMU ang patuloy na pagkakaroon ng bisa ng DOLE Order 18-A. Ang pinakahuling mga kautusang inilabas ng ahensya ay hindi nagbaklas kundi sumusog pa sa kautusang ito. Hindi tinugunan ng DOLE ang mga hinaing ng mga nakawelgang manggagawa sa Manila Cordage Company at Manco Synthetics Inc. sa Laguna at Sorosoro Ibaba sa Batangas. Wala rin itong tugon sa pagtatanggal ni Lucio Tan sa nagwelgang mga manggagawa sa Tanduay Distillers, sa kabila ng kautusan ng lokal na upisina ng DOLE. Pinababayaan nito ang kaso ng mga manggagawa sa Nakashin International sa Davao City na minamaniobra ng lokal na gubyerno para ideklarang iligal.

Gayundin, dumistansya ang kalihim ng DOLE na si Silvestre Bello sa sentral na panawagan ng mga manggagawa para sa dagdag na sahod. Ito ay sa kabila ng naunang utos ng DOLE na "pag-aralan" ng mga rehiyunal na *wage board* ang pagdadagdag ng P125 *across the board.*




Samantala, naglunsad ng simbolikong protesta ang mga kontraktwal na empleyado ng National Housing Authority (NHA) sa harap ng upisina ng nito sa Quezon City noong Setyembre 28. Sa pamumuno ng NHA Consolidated Union of Employees

(CUE), hiningi nila ang seguridad sa trabaho at mga benepisyo bilang mga regular na empleyado.

Mahigit kalahati ng 2,400 empleyado ng NHA ay hindi regular. Karamihan sa kanila ay may maikli ngunit tuluy-tuloy na mga kontrata na nakabatay sa bawat proyekto. Marami ang nakakatatlong proyekto na.

Ayon kay Santillan Dasmarinas ng COURAGE, mahigit kalahating milyong empleyado ng gubyerno ay hindi regular. Tinatawag silang mga *emergency-hired, memorandum of agreement (MOA) worker, job order employee*, at iba pa. Dapat magdagdag ang gubyerno ng mga regular na pusisyon para mabigyan ng lugar ang mga kontraktwal na empleyado, giit ng COURAGE. Una nang iginiit ng mga empleyado ng Department of Social Work ang Development at National Anti-poverty Commission ang regularisasyon ng mga kontraktwal nito. AB

## Umento sa sahod ng mga guro, ipinanawagan

SA PANDAIGDIGANG ARAW ng mga Guro nitong Oktubre 5, naglunsad ng kilos-protesta ang daan-daang guro, kawani at mga mag-aaral sa Mendiola sa Maynila upang ipanawagan ang pagtataas ng sahod ng mga guro at ipaalala kay Pres. Duterte ang pangako nitong umento noong panahon ng kampanyang elektoral.

Ani Rep. Antonio Tinio, kinatawan ng ACT Teachers Partylist, hindi ambisyoso ang umentong P543 kada buwan para sa mga bagong guro ng pampublikong paaralan.

"Tulad ng militar at pulis, kailangan din ng mga guro ng dagdag na sahod. Iginigiit lang namin ang aming karapatan para sa nakabubuhay na sahod, ang mabayaran kami ng higit sa barya-baryang tinatanggap ngayon," dagdag ni Tinio.

Kinundena naman ng Kabataan Partylist (KPL) ang kaltas sa badyet ng kolehiyo at pamantasan sa 2017. Ani Sarah Elago, kinatawan ng KPL, nagdudulot ng pangamba ang tinatayang P351.9 milyong pondo na kinaltas ng Department of Budget and Management (DBM) para sa *maintenance* at mga operasyon ng 35 pamantasan at P1.64 bilyong kaltas para sa dagdag na imprastruktura ng mga eskwelahan. Aniya, maaaring maging dahilan ang mga kaltas na ito para itaas ang matrikula at iba pang bayarin ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, naghain si Elago ng House Resolution No. 393, upang igiit sa House Committee on Appropriations na ibalik ang P351.9 milyon na ikinaltas ng DBM na pondo para sa *maintenance* at mga operasyon para sa 2017 pambansang badyet at pag-aralan ang iba't ibang paraan para magawang libre ang edukasyon sa lahat ng antas.

Bukod sa pondo para sa edukasyon, kinaltasan rin ang Department of Agriculture ng P3.4 bilyon at ang Department of Health ng P31 bilyon.

# Pagsuspinde sa mga minahan, kulang pa

ISINUSPINDE AT pinapanagot ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) noong Setyembre 27 ang 20 kumpanya ng minahan. Ito ay matapos mapatunayan na hindi sumusunod ang mga ito sa mga regulasyong pangkalikasan. Labinlima sa mga ito ay nasa rehiyon ng CARAGA, kabilang ang walo na nasa isla ng Dinagat.

Komun sa mga isinuspinde at nakatakdang isuspinde ang mga paglabag sa mga pamantayan ng paglabon, alikabok, iligal na pagputol ng mga kahoy at di-sistematikong mga pamamaraan sa pagmimina. Bago nito, sampung kumpanya na ang pansamantalang ipinasara ng DENR.

Kagyat na isinuspinde ang SR Metals Inc., Hinatuan Mining Corp., Oriental Synergy Mining Corp. at lima pang kumpanya. Nasa bingit naman ng suspensyon ang Lepanto Consolidated Mining, MarcVentures Mning and Development Corp., Oceana Gold Philippines, Filminera Resources Corp. at Strongbuilt Mining Development. Anim pang kumpanya ang pinatatawag ng DENR para sumagot sa pagsisiyasat ng ahensya. Kalahati ng mga kumpanyang ito ay nagmimina ng nikel.

Sa kabilang banda, iniligtas ng DENR at pinahintulutang magpatuloy ang mga operasyon ng Philex Mining, Apex Mining at ang tatlong kumpanya ng Nickel Asia —ang Tuba Nickel Corp., Cagdianao Mining Corp. at Taganito Mining Corp. Ang mga kumpanyang ito ay matagal nang inirereklamo ng mamamayan at lumalabag sa mga patakaran ng rebolusyonaryong kilusan. Umani ng matinding batikos ang Philex Mining sa Pacdal sa prubinsya ng Benguet nang mabunyag ang pagtatambak nito ng latak at basura ng minahan sa kalapit na mga ilog. Mariin naman ang pagtutol ng mga Lumad sa Apex Mining sa Compostela Valley dahil sa pagkasira ng dalawang mahalagang ilog sa lugar dulot ng mga operasyon nito. Tinututulan din nila ang balak ng kumpanya na magsagawa ng *open-pit mining* sa kanilang lupang ninuno. Samantala, naging target ng atake ng Bagong Hukbong Bayan ang Taganito at dalawa pang minahan noong 2011 dulot ng walang pakundangang paninira ng kabundukan at karagatan ng CARAGA.

Matapos mailabas ang kautusan, pinuna ng Bayan Muna-CARAGA at CARAGA Watch ang patuloy na operasyon ng Claver Mineral Development Corp. (CMDC) sa kabila ng utos ng DENR na ipasara ito. Makailang beses nang isinuspinde ang mga operasyon ng kumpanya pero palagian itong pinahihintulutan ng lokal na upisina ng DENR na magluwas ng lupang may inambato (ore). Ang CDMC ay pagmamay-ari ni Kong. Prospero Pichay. AB

## Lider magsasaka sa Palawan, pinaslang

KINUNDENA NG Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang pagpaslang sa isang lider magsasaka sa Coron, Palawan noong Setyembre 20 sa tangkang patigilin ang pagtatanim ng mga magsasaka sa loob ng 39,000 ektaryang Yulo King Ranch (YKR).

Binaril si Arnel Figueroa nang kumprontahin niya ang mga gwardya ng Bureau of Animal Industry at mga tropa ng Marines na sumisira sa pananim ng mga magsasaka.

Ayon sa KMP, tinutuntungan ng malalaking panginoong maylupa at mga mangangamkam ng lupa ang kawalan ng programa para sa tunay na repormang agraryo upang patatagin ang kanilang kontrol sa YKR. Kasangkapan ng mga ito ang mga bayarang goons, mga gwardyang panseguridad at mga pwersa ng estado sa pag-atake sa mga magsasaka.

Iginigiit ng iba't ibang organisasyon ng magsasaka na isailalim sa reporma sa lupa ang 8,000 bahagi ng YKR. Ayon sa KMP, may isanlibong baka lamang ang nakikinabang sa rantso bilang pastuhan. Sa kabilang banda, libong magsasaka ang naghihikahos, nagugutom at walang kakayahan sa pang-ekonomyang aktibidad at kasapatan-sa-sarili.

Inilibre ng bogus na reporma sa lupa ang YKR dahil hindi umano nababagay sa pagsasaka, gayong bago pa man ideklarang pastuhan ng gubyerno noong 1975 ay ilang dekada na itong binubungkal ng mga magsasaka. Nagpalipat-lipat lamang ang kontrol sa YKR mula sa mga kroni ni Marcos, hanggang sa iba't ibang ahensya ng gubyerno ng pumalit na mga rehimen.

Ayon pa sa KMP, dahil sa pagkontrol ng gubyerno sa YKR, pinalalayas ang mga katutubong Tagbanua, Calamianes at Cuyonin upang bigyang-daan ang pagtatayo ng mga negosyong pastuhan, *agro-forestry*, turismo at iba pa. Ipinakat din ang Marine Battalion Landing Team-4 sa pinag-aagawang lupa upang gipitin ang mga magsasaka at setler na nakikipaglaban para sa kanilang karapatan sa lupa. AB

### Ika-44 taong anibersaryo ng Batas Militar, ginunita

MAHIGIT 2,000 raliyista ang nagtipon sa paanan ng Mendiola sa Maynila noong Setyembre 21 para gunitain ang ika-44 na taong anibersaryo ng pagpapataw ng diktadurang Marcos ng Batas Militar. Dumalo sa pagkilos ang mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines na pinalaya noong Agosto. Panawagan ng mga raliyista ang kagyat na pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal na ikinulong sa gawa-gawang mga kasong kriminal.

Anang SELDA, grupo ng dating mga detenido, ang pagkakaroon ng mga bilanggong pulitikal ay labi pa ng batas militar. Dapat tigilan na ng estado ang pagtangging mayroong mga bilanggong pulitikal o mga indibidwal na nasa detensyon dahil sa kanilang mga paniniwalang pulitikal. Noong panahon ng Batas Militar, umabot sa 120,000 ang mga bilanggong pulitikal. Sa kasalukuyan, nasa 525 silang nakakulong sa iba't ibang piitan sa bansa. Mayorya sa kanila ay mga magsasakang inakusahang mga tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan.

## Mga pinagsanib na pagsasanay, tatapusin na


NOONG SETYEMBRE 28, idineklara ni Pres. Rodrigo Duterte ng GRP na tatapusin na niya ang pagdaraos ng pinagsanib na mga pagsasanay-militar sa pagitan ng US at Pilipinas. Alinsunod sa kanyang pahayag, ang Philblex, na nakatakdang ilunsad sa Oktubre 4-12, ang magiging huling pagsasanay na ilulunsad ng US sa bansa sa loob ng kanyang termino. Ang Phiblex ang pangatlong malaking pinagsanib na pagsasanay-militar sa pagitan ng dalawang bansa ngayong taon.

Gamit ang Visiting Forces Agreement, tuluy-tuloy nang naglunsad ang US ng mga pagsasanay sa bansa mula dekada 2000. Dumaan sa iba't ibang porma at pangalan ang mga pagsasanay (PALAH, EODX o Explosive Ordnance Disposal, SALVEX o Salvage Exercises, MARSURVEX o Maritime Surveillance Exercises, Balance Piston, Teak Piston, Handa Series at Flash Piston) bago kinonsolida sa masasaklaw at malakihang pagsasanay tulad ng Balikatan, CARAT (Cooperation Afloat Readiness and Training) at Phiblex (Amphibious Landing Exercises). Liban dito, inilulunsad din ang samutsaring maliliit na pagsasanay, tulad ng platun-sa-platun na *combat training* at mga pinagsanib na pagsasanay sa pagitan ng Pilipinas at iba pang bansa sa Asia sa ilalim ng direksyon ng US.

Taun-taon, mahigit 125 na mga multilateral at bilateral na pagsasanay ang idinadaos taun-taon sa pagitan ng mga pwersa ng armadong hukbo ng Pilipinas, mga tropang Amerikano at iba pang hukbong papet at kaalyado ng US sa iba't ibang bahagi ng Asia. Ang mga pagsasanay na ito ay nasa sentro ng estratehiya ng US para permanenteng makapanatili sa Asia, makapasok sa mga teritoryo ng mga soberanong bansa at mapairal ang pagpapakitang-lakas laban sa China. Pinahihigpit ng mga ito ang *chain-of-command* sa pagitan ng yunit-militar ng US at mga papet nitong hukbo sa Asia sa tabing ng "interoperability." Kasabay nito, nagsasagawa ng mahigit 700 pagdaong *(port visit)* ang mga barkong pandigma ng US sa iba't ibang bahagi ng Asia. AB

# Ang mga interes ng US sa pagsakop sa Pilipinas

Sa nakaraang linggo, halos araw-araw ang batikos at bira ni GRP President Rodrigo Duterte sa dominasyon at panghihimasok ng imperyalismong US sa bansa. Sa kanyang talumpati sa Bacolod City nitong Oktubre 2, kinundena niya ito sa pagsasabing "...Dinambong nila ang yaman ng bayan sa kapinsalaan ng mamamayan."



Bago nito, binatikos niya ang pagmaniobra ng US sa piso sa tangkang pahinain ang lokal na ekonomya. Aniya, hindi magugutom ang mga Pilipino kung mawawala ang "tulong" ng US. Nitong Oktubre 6, hinamon niya ang US at EU na bawiin na nila ang kanilang ayuda dahil hinding-hindi siya luluhod sa mga ito.

Sa harap nito, mahalagang mas malalim na maunawaan ang iba't ibang larangan ng dominasyon ng US na siyang malaon nang nilalabanan ng mga patriyotiko't pambansa-demokratikong pwersa. Kabilang dito ang larangan ng ekonomya, na puno't dulo ng pananakop ng US sa bansa.

PINASOK NG US ang Pilipinas noong huling bahagi ng ika-19 na siglo bilang isang umuusbong na kapitalistang kapangyarihan. Binuod noon ni John F. Miller, isang Amerikanong senador, ang dahilan sa pananakop ng US sa Pilipinas. Aniya, "Ngayon na ang panahon... na kailangan ng mga bagong pamilihan... upang patuloy na tumakbo ang ating mga pabrika."

Sa panahong iyon, magkakasunod na kinontrol ng US ang Cuba, Puerto Rico, Hawaii, Guam at Pilipinas. Sa pagpasok ng bagong siglo noong 1900, itinulak ng iba't ibang upisyal ng US na nasa Asia, gayundin ng mga mangangalakal, ang pagsakop sa Pilipinas dahil pabor ito sa kanilang mga interes. Kasisimula pa lamang ng labanan ng US at Espanya sa Manila Bay noong 1898, nagpadala na agad ang American Treasury Department ng mga kagawad nito upang gumawa ng "Ulat hinggil sa Kalagayang Pampinansya at Pang-industriya ng Pilipinas." Matapos ang ilang araw, mga heyologo naman ang ipinadala ng US upang isarbey ang mga metal at mineral, langis, at iba pang likas na yaman ng bansa.

Liban sa balon ng murang hilaw na materyales at mahigit pitong milyong populasyon na pagbubuhusan ng sarplas na kapital at kalakal, nakita rin ng mga negosyanteng US na magsisilbi ang Pilipinas bilang tuntungan sa pag-abot sa pamilihan ng China at iba pang bahagi ng Asia.

Malaki ang naging impluwensya ng malalaking negosyong Amerikano sa pagsakop sa Pilipinas. Isa rito ang American Sugar Refining Company (Sugar Trust), ang monopolyong kumpanya sa asukal sa US sa panahong iyon. Sa tulak ng kumpanya, nailibre sa matataas na buwis ang inaangkat nitong asukal sa Pilipinas. Ito ay dahil bilang teritoryo ng US, hindi itinuturing na imported ang asukal na kinukuha nila sa bansa. Gamit ang imperyalistang estado, kinamkam ng Sugar Trust ang mahigit 22,000 ektaryang tubuhan sa Mindoro sa pamamagitan ng pagdeklara na hindi ito pampublikong lupain.

Kasunod nito, bumwelo na ang pangangamkam ng lupa gamit ang sunud-sunod na mga ipinasang batas noong 1902 tulad ng Land Law at Philippine Bill of 1902, at ang sistemang Torrens na pagpapatitulo ng lupa.

Sa malalawak na taniman ng tubo, piniga ang papalaking bulto ng yaman ng lupa sa pamamagitan ng matinding pagsasamantala sa mga sakada. Nagluwag ang US sa mga asendero at binalewala ang reporma sa lupa. Upang higit na hikayatin ang pagtutok sa mga pang-eksport na pananim, mababa kundi man walang buwis na ipinataw sa mga asyenda at mga produkto nito.

Sa Payne-Aldrich Act noong 1909, tumaas sa 300,000 tonelada ng tubo ang kotang iluluwal ng mga asyenda para sa US. Bawat taon ay pinatataas ng kolonyal na gubyerno ang produksyon ng hilaw na materyales, na nagpatindi rin sa pagsasamantala. Mula P7 milyon halaga ng eksport sa US noong 1900, umabot ito sa halos P170 milyon noong 1940 ang iniluluwas na hilaw na materyales patungong US, na siya na noong nangungunang destinasyon ng mga murang eksport ng bansa. (Noong 1933, sa US napupunta ang 83% ng mga eksport ng Pilipinas.) Samantala, sa loob lamang ng tatlong taon, 1910-1913, ay lumaki ng 473% ang mga import mula US. Sa panahong ito, ang US na ang nangungunang eksporter ng Pilipinas.

Pinigilan ng kolonyal na kalakalan ang industriyalisasyon at sa halip ay pinatatag ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa. Pabor sa mga mananakop ang sistemang asyenda na siyang nagluluwal ng mga hilaw na materyales para sa kapitalistang produksyon. Lumaganap ang kawalan ng lupa para sa nagbubungkal habang pinalawak pa ng mga asendero ang kanilang mga lupain at pinatindi ang pagsasamantala upang makinabang sa pakikipag-kalakalan sa US. Sa pulitika, ang mga asendero ang naging pinakamatatatag na alyado ng mga kolonyalistang Amerikano at humawak ng mga pusisyon sa gubyerno. AB

# Paggunita sa Pag-aalsang Balangiga

Noong Setyembre 28, ginunita ng mamamayan ang ika-115 anibersaryo ng matagumpay na pag-alsa ng mamamayan laban sa mananakop na tropa ng US sa Balangiga, Eastern Samar. Sa okasyong ito, nagpahayag ang National Democratic Front-Eastern Visayas (NDF-EV) ng pagkalugod sa tindig ni Pres. Rodrigo Duterte laban sa kasalukuyang panghihimasok ng US sa bansa.



Ayon kay Fr. Santiago "Ka Sanny" Salas, tagapagsalita ng NDF-EV, handang makipagtaktikal na alyansa ang NDFP sa gubyernong Duterte sa balangkas ng kasalukuyang negosasyong pangkapayapaan. Kinasasabikan ang matagumpay na negosasyon upang makamit ang mga repormang sosyo-ekonomiko kabilang na ang pagwawakas sa neoliberal na kontrol ng US sa Pilipinas.

Ginugunita ng mamamayan ng Balangiga ang pag-aalsa sa taunang pista kung saan itinatanghal ng mga kabataan ang sagupaan sa mismong pinangyarihan nito. Sinasariwa nito sa diwa ng mamamayan ang tagumpay na nakamit nila sa pamamagitan ng pagkakaisa at paglaban.

"Ang Pag-aalsang Balangiga ay tagumpay para sa mga makabayang Pilipino, at ang tinaguriang "Balangiga massacre" ay hindi isinagawa ng mga Pilipino kundi ng mga tropang US na mapaghiganting pumatay sa 50,000 mamamayan sa bayang iyon at iba pang bahagi ng Samar," ani Fr. Salas. Kaya't ang Pag-aalsang Balangiga ay dagdag na pangkasaysayang suporta sa pagbibigay-pansin sa mga kalupitan ng US sa Mindanao noong panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano at maging pagkatapos nito, dagdag niya.

**Paglaban ng mga Balangiganon**

Agosto 11, 1901 nang pasukin ng Company C, 9th U.S. Infantry ang Balangiga. Nagkampo sila sa plasa, ginamit ang mga gusali ng bayan at ang simbahan, nambastos sa kababaihan, sapilitang pinatrabaho ang mga tao, at pinagbawalang maghanapbuhay. Ipiniit ang 143 lalaking Balangiganon sa mga kahoy na kulungan kung saan magdamag silang nakatayo sa ulan at hinahatiran lamang ng tubig ng mga kababaihan. Kapag may nanghihina o nagkakasakit, pinapalitan lamang ito ng ibang residente.

Maaga pa noong umaga ng Setyembre 28, 1901, dalawang grupo ng kalalakihang nakadamit babae ang nakapusisyon na sa simbahan at sa may kusina ng mga sundalo, dala ang mga itak at punyal na itinago sa kanilang mga saya, sa isang kabaong, at sa mga bumbong na igiban ng tubig.

Pagtugtog ng mga kampana ng simbahan nang alas-5 ng umaga, lumusob sila at sinabayan ng mga mamamayang gamit ang mga itak, kutsilyo, piko, pambambu at iba pang lokal na armas laban sa mga ripleng Krag ng mga sundalong Amerikano. Pinutol ang mga tali ng toldang nakabubong sa kusina kung saan nag-aalmusal ang mga sundalo at pinagtataga ang mga nakupot sa loob ng bumagsak na tolda. Napatay ang 44-48 sundalong Amerikano, at tumakas sa isang bangka ang humigit-kumulang 20 sugatan. Nakasamsam ang mga Pilipino ng 100 riple at 28,000 bala mula sa mga Amerikano.

Bagamat may ilang sundalong Amerikanong nakapanlaban at 28 Pilipino ang namatay, naitala sa kasaysayan ang Pag-aalsang Balangiga bilang isa sa pinakamatitinding pagkatalo ng US sa nag-iisang labanan sa Pilipinas. Hanggang sa kasalukuyan, ikinukubli sa mga upisyal na kasulatan ng gubyernong US ang aktwal na kaswalti nila sa labanang ito.

Sumaklolo ang Company G ng 9th Infantry sa pamamagitan ng mga masinggan at kanyon, pero organisado nang nakapagtago ang mamamayan. Dalawampung residenteng inabutan sa gilid ng bayan ang dinakip, dinala sa plasa, binuhusan ng petrolyo at sinunog. Sinunog din ang lahat ng kabahayan.

Kinuha ng mga tropang Amerikano ang mga kampana ng simbahan bilang dambong ng digma. Sa kasalukuyan ay nakadispley ang dalawang kampana sa Warren Air Force Base sa Cheyenne, Wyoming, samantalang ang isa ay nasa South Korea, at ayaw bitiwan ng gubyernong US sa kabila ng maraming apela na dapat nang isauli ang mga ito sa mamamayan ng Balangiga.

**Patakarang pagmamalupit ng mga tropang US**

Upisyal na patakaran ng gubyernong US ang pagmamalupit sa gera nito laban sa mamamayang Pilipino. Si Pres. Theodore Roosevelt ng US mismo ang nag-utos ng "pasipikasyon" sa Pilipinas na ipinatupad ni Hen. Jacob Smith sa Samar. Bilang paghiganti sa kanilang grabeng pagkatalo, nag-utos ang heneral na "kill and burn" o patayin at sunugin, upang gawing isang "howling wilderness" o "umuungol na kagubatan" ang Samar,

kung saan "hindi mabubuhay kahit isang ibon." Malawakang minasaker ang lahat ng abutang lalaking lampas sampung taon ang edad at sinunog ang buu-buong kabayanan.

Inusig ang nakatakas na pari na nagpatugtog ng kampana hanggang madakip siya sa Tanawan, sa katabing prubinsya ng Leyte. Dinala siya sa Calbiga, Samar, at doon tinortyur. Nakasabay niya ang iba pang pinagdarakip na mga pari sa mga bayan ng Catubig at Basey, na nagsagawa rin ng mga pag-aalsang kahalintulad sa Balangiga.

Tinumbasan sa iba't ibang bahagi ng bayan ang patakaran ng pagmamalupit. Ipinag-utos ni Brig. Gen. James Franklin Bell na gawing isang "desert waste" o disyertong walang nabubuhay ang Luzon kung saan puu-puong libong mamamayan ang pinatay, maraming bayan ang sinunog at hinamlet, lalo na ang buong prubinsya ng Batangas at Laguna. Sinalamin din ito ng kampanyang masaker at panununog ni Hen. Hughes sa Iloilo at Capiz sa Panay kung saan walang-pakundangang pinagpapaslang ang kababaihan, mga bata at matanda.

**Nagpapatuloy na kalupitan at paglaban**

Nananatili hanggang sa kasalukuyan ang patakarang pananakop at pagmamalupit ng imperyalismong US hindi lamang sa Balangiga kundi sa buong Pilipinas at sa buong daigdig, kabilang sa Iraq, Syria, Afghanistan at iba pa.

Nanawagan ang NDF-EV sa mamamayan, laluna sa kabataan, na manindigan laban sa imperyalismong US at ipaglaban ang pambansang kalayaan at demokrasya. "Ituloy natin ang hindi pa tapos na rebolusyon ng ating rebolusyonaryong mga ninuno na lumaban sa mga tropang US sa Balangiga. Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at ipagtanggol ang inang bayan laban sa imperyalismong US, pasismo at lahat ng reaksyon," pahayag ni Salas. AB

# Kasunduang pangkapayapaan sa Colombia, ibinasura

NAPAWALANG-SAYSAY ANG negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng gubyernong Santos sa Colombia at ng Rebolusyonaryong Armadong Pwersa ng Colombia (FARC) matapos ibasura sa isang plebisito noong Oktubre 2 ang pinal na kasunduang pinirmahan ng dalawang panig sa botong 50.2% kontra 49.7%.

Ang naturang kasunduan ay pinirmahan noong Setyembre 26 sa Cuba bago iniharap sa plebisito. Apat na taon itong pinag-usapan sa mga negosasyong isinagawa sa Cuba at pinamagitan ng gubyerno ng Norway. Nilayon nitong tapusin ang 52 taon ng armadong paglaban ng FARC.

Ang pinal na kasunduan ay, sa esensya, dokumento ng kapitulasyon o pagsuko ng FARC. Inilalahad nito ang proseso ng pagdidisarma at pagbaklas ng FARC at transpormasyon nito sa isang ligal na partido. Ipinaiilalim nito ang buong FARC sa prosesong pangangasiwaan ng reaksyunaryong gubyerno ng Colombia.

Sa ilalim ng kasunduan, lahat ng mga armadong mandirigma ng FARC ay titipunin sa loob ng 23 pansamantalang hamlet o sona para sa "normalisasyon" na pangangasiwaan ng United Nations. Nakasaad din dito na sa loob ng anim na buwan, ang mga baril at iba pang armas ay irerehistro at kokolektahin ng United Nations. Ang mga natipong armas ay wawasakin at gagawing mga monumento.

Ang mga nagrehistrong mandirigma ay ipaiilalim sa imbestigasyon upang alamin kung may kriminal silang pananagutan kaugnay ng mga paglabag sa karapatang-tao.

Samantala, ang mismong FARC ay itatransporma sa isang ligal na partido. Bibigyan ito ng tigatlong pwesto sa mataas at mababang kapulungan ng parlamento ng Colombia pero wala silang karapatang bumoto. Gagawin itong limang pwesto sa 2018 at 2022 subalit oobligahin nang tumakbo sa eleksyon sa mga susunod pang termino.




Pinupuna ang kasunduang pinirmahan ng mga lider ng FARC dahil wala itong nilalamang makabuluhang pagbabago sa sistemang panlipunan. Ang usapin ng reporma sa lupa o pagbabaklas ng mga monopolyo, na siyang mitsa ng pag-aalsa noong 1964 na nag-anak sa FARC, ay hindi nakamit sa kasunduan. Ang nilaman lamang ng kasunduan ay pangakong proyektong pang-imprastruktura sa kanayunan na pangangasiwaan ng mga lider ng FARC.

Ang kasunduan ay pinasok ng FARC matapos ang ilang taon ng tuluy-tuloy na opensiba ng gubyernong Colombia na inayudahan ng militar ng US sa ngalan ng gerang kontra-droga. Napapabalitang mayroong humigit-kumulang 8,000 mandirigma ang FARC sa kasalukuyan.

Sa kabila ng kasunduang lubhang tagibang laban sa FARC, kinontra ito ng mga reaksyunaryong kalaban ng nakaupong gubyernong Santos. Pangunahing nangampanya laban sa kasunduan si Alvaro Uribe, ang nagdaang pangulo ng Colombia.

May hindi bababa sa dalawa pang armadong grupong gerilya sa Colombia. Nagsasalamin ito ng matinding krisis at tunggalian ng mga uri sa bansa. AB